HALAW SA KATITIKAN NG IKA–41 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-22 NG MAYO 2023 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BARANGAY NG LAYUG CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: HON. MILBERT L. OLIVEROS, Pang. Punumbayan / Nangungulong Pinuno

Hon. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Hon. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Hon. Romel J. Villanueva, SB Member;
Hon. Stephanie Princess P. De Guzman SB Member;
Hon. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Hon. Elma P. Flores, SB Member;
Hon. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Hon. Manuel A. Dela Roca, ABC-President; at

HINDI DUMALO: Hon. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
(*Sick Leave*)
Hyra Jane A. Valdopeñas, SKF President;
(*Vacation Leave*)

**KAPASIYAHAN BLG. 215- 2023**

**ISANG KAPASIYAHAN NA MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-ANIM-NA-PUNG (60) TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALANG ELEMENTARYA NG PAOWIN, ISA SA KAUNA-UNAHANG PAARALAN NA NAITATAG SA MGA BARYO NG BAYAN NG CAVINTI LALAWIGAN NG LAGUNA, AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG IKA-DALAWANG *ALUMNI HOMECOMING*.**

**May Akda : SB ROMEL J. VILLANUEVA**
Tagapangulo, Lupon ng Edukasyon, Batas at Mga Usaping Legal

**SAPAGKAT,** ang taong 1953 na siya ring taong naisabatas ang Batas ng Republika Blg. 896 o kilala sa tawag na "Elementary Education Act of 1953" na nagtatag sa kagawaran ng Edukasyon ;

**SAPAGKAT,** ayon din sa nasabing Batas na ang mga magulang na may mga anak na sasapit sa edad na ika-pitong taon ay kinakailangang iparehistro o i-enroll upang pag-aralin sa elementarya;

**SAPAGKAT,** iniatas ding lagyan ng kurso na mula primera o grade 1-4 at intermediate o grade 5-7 ay kinakailangang papag-aralin ang mga bata sa mga itinatag na mga paaralan sa mga baryo;

**SAPAGKAT**, ang Baryo ng Paowin ay isa mga naunang Barangay na kinakitaan ng mga mamayan na nagpursige sa kahagalahan ng edukasyon, upang itatag ang isang paaralan sa kabila ng layo nito sa gitnang bayan;

**SAPAGKAT,** ang Paowin Elementary School ay kinakitaan ng maraming mga mag-aaral na nagbigay karangalan din sa Bayan ng Cavinti;

ARANTLEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pangalawang Punumbayan

GLENN HAZE M. CABUHAT
SB Member/ Pansamantalang Tagatala



Sazares 6/7/23 OM

**SAPAGKAT,** masasabi na rin na ang Mababang Paaralan ng Paowin ang isa sa unang naging pandayan ng mga ninuno ng kasalukuyang henerasyon ng Pamayanan ng Barangay Paowin na tumulong at nagbigay din daan sa tuluyang pag-unlad ng Bayan ng Cavinti;

**SAPAGKAT,** sa ika-3 ng Hunyo taong 2023 ay magdadaos ang selebrasyon ng ika-animnapung (60) taong ng pagkakatatag ng Paaralang Elementarya Paowin na dadaluhan ng mga naging mag-aaral at guro nito, mainam na pagkakataon, upang gunitain ang mga masasayang alaala kung paano nilinang ng mahal na paaralan ang bawat isa;

**DAHIL DITO,** matapos suriin at mapag-aralan ang kabuuan ng usapin, iminungkahi ni SB ROMEL J. VILLANUEVA, na pinangalawahan naman at sinang-ayunan naman ng lahat na nagkakatipon na

**IPINASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya na MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-ANIM-NA-PUNG (60) TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALANG ELEMENTARYA NG PAOWIN, ISA SA KAUNA-UNAHANG PAARALAN NA NAITATAG SA MGA BARYO NG BAYAN NG CAVINTI LALAWIGAN NG LAGUNA, AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG IKA-DALAWANG TAONG ALUMNI HOMECOMING.**

**IPINASIYA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Pambayang Tagapamasid Pampurok Gng. Soledad S. Villanueva, ang Tanggapan ng Teacher Leader ng mababang Paaralan Paowin Gng. Eufemia P. Nequinto, at ang Pinuno ng Samahan ng Alumni at ang mga miyembro.

**IPINASIYA PA RIN,** na mabigyan ng sertipiko ng pagbibigay karangalan sa pamamagitan ng isang kuwadro na may Pangalan at lagda ng Kasalukuyang Punumbayan KGG. ARRANTLEE R. ARROYO at ng May-Akda KGG. ROMEL J. VILLANUEVA at pagbasa na rin ng nilalaman ng Kapasiyahan sa ARAW NG ALUMNI HOME COMING sa ika-3 ng Hunyo 2023 ng nasabing Paaralan.

**UTOS:** Sa Kalihim ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna na padalhan ng sipi ng kapasiyahan ito, ang lahat ng Tanggapin at Ahensya na may kinalaman dito para sa kanilang kaalaman at pagpapatupad.

**PINAGTIBAY**.

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang nasasaad sa itaas ay halaw sa katitikan ng ika-41 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Barangay ng Layug ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika-22 ng Mayo, 2023.

ARRANTLEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pangalawang Punumbayan

GLENN HAZE M. CABUHAT
SB Member/Pansamantalang Tagatala

**GLENN HAZE M. CABUHAT**
SB Member/Pansamantalang Tagatala

SINANG-AYUNAN:

**MILBERT L. OLIVEROS**
Pangalawang Punumbayan

PINAGTITIBAY:

**ARRANTLEE R. ARROYO**
Punumbayan